


Mga Mapagkukunan ng Seguridad

para sa Subsektor na Imprastraktura ng Halalan



Ang Ahensiya ng Cybersecurity at Seguridad sa Imprastraktura (CISA) at ang Kawanihan ng Pagsisiyasat ng Pederal (FBI) ay gumawa ng buod para sa ilang mga mapagkukunang magagamit sa buong pederal na pamahalaan para sa mga opisyal ng halalan ng estado, lokal, teritoryal at panlipi (SLTT) at kanilang mga kaanib sa pribadong sektor upang tumulong sa pagtugon sa mga banta sa mga tauhan at patnubay sa pagtatasa at pagpapagaan ng mga panganib sa kanilang mga pisikal na mga ari-arian.

Kahit karamihan sa mga mapagkukunang ito ay hindi tahasang nakatutok sa seguridad ng halalan, ang Subsektor ng Imprastraktura ng Halalan ay maaaring makitang kapaki-pakinabang ang mga ito sa kurso ng kanilang trabaho. Dahil ang mga guhit sa pagitan ng pisikal na seguridad at cybersecurity ay lalong lumalabo, ang mga piling mapagkukunang nakatuon sa cybersecurity ay naisama din sa dokumentong ito. Lahat ng mga mapagkukunan na binanggit dito ay magagamit nang walang bayad sa gumagamit at maaring matagpuan sa mga website na nakalista sa ibaba.



Mga Banta sa mga Opisyal at Imprastraktura ng Halalan

Bilang tugon sa pagtaas ng mga banta ng karahasan laban sa mga manggagawa ng halalan kasunod ng 2020 na siklo ng halalan sa Estados Unidos, ang FBI at CISA ay nagsikap na unahing tugunan ang mga banta na ito. Sineseryoso ng FBI at CISA ang lahat ng banta ng karahasan, kabilang ang mga umaasinta sa mga manggagawa ng halalan dahil sa kanilang kritikal na tungkulin na pangalagaan ang prosesong elektoral para sa lahat ng mga botante. Itinatag ng Departamento ng Hustisiya (DOJ) ang Puwersang Naatasan para sa Banta sa mga Manggagawa ng Halalan upang puspusang imbestigahan at usigin ang mga bantang ito. Kung ikaw ay biktima ng banta bilang isang manggagawa sa halalan, mangyaring gawin ang mga sumusunod na hakbang:

- ☐ Kung may napipintong banta sa buhay, tumawag sa 911.
- ☐ Upang mag-ulat ng mga banta, makipag-ugnayan sa **Tagapag-ugnay ng mga Krimeng Pang-eleksyon** sa iyong lokal na tanggapan ng FBI (www.fbi.gov/contact-us/field-offices); magsumite ng lihim na babala online sa tips.fbi.gov; o tumawag sa 1-800-CALL-FBI (225-5324), Dikta 1, pagkatapos Dikta 3. Ang pakikipag-ugnayan sa Tagapag-ugnay ng mga Krimeng Pang-eleksyon sa iyong lokal na tanggapan ng FBI ay ang pinakamahusay na paraan upang mag-ulat ng mga banta sa halalan.
- ☐ Panghuli, makipag-ugnay sa iyong rehiyonal na opisina ng CISA para sa gabay sa panganib sa pisikal na seguridad na naaayon sa iyong hurisdiksyon at mga pasilidad. Ang CISA na mga Tagapayo ng Proteksyon sa Seguridad (PSA) ay maaaring magsagawa ng mga pagtatasa, gaya ng paggamit sa Pagtatasa ng Seguridad at Unang Pagpasok (SAFE) na nagpapakita ng mga kahinaan sa iyong pisikal na imprastraktura sa halalan, kabilang ang mga opisina ng halalan, mga lokasyon sa pagpo-proseso ng balota, mga lugar na imbakan, mga sentro ng pagboto, at iba pang mga pasilidad ng halalan. Hanapin ang iyong lokal na PSA dito: www.cisa.gov/cisa-regions



Pagprotekta sa Pisikal na Seguridad: Mga Dokumentong Gabay at Iba pang Mapagkukunan

- **CISA Paghanda sa Pisikal na Seguridad sa mga Lokasyon ng Pagboto at mga Pasilidad ng Halalan** ay nagbibigay ng mga hakbang na naaakusahan para sa mga opisyal ng halalan upang mapabuti ang postura ng pisikal na seguridad at mapahusay ang katatagan ng mga operasyon ng halalan sa kanilang nasasakupan: www.cisa.gov/sites/default/files/publications/physical-security-of-voting-location-election-facilities_v2_508.pdf
- **CISA Mga Produkto ng Huling Milya** ay napapasadyang mga kagamitan na magagamit ng mga opisyal ng halalan upang mapahusay ang kanilang seguridad sa imprastraktura. Kasama sa mga halimbawa ng mga produktong ito ang Snapshot ng Pagpapalano ng Seguridad sa Halalan, mga Gabay sa Pagtugon sa Emerhensiya ng Halalan, mga Pananggalang sa Halalan, at iba pang mga template. Para sa higit pang impormasyon at sa paghiling ng napapasadyang Produkto ng Huling Milya, mangyari pong makipag-ugnayan sa: electionsecurity@hq.dhs.gov
- **CISA Pangkalahatang Plano sa Seguridad at Gabay sa Mapagkukunan para sa Mahinang mga Target at mga Matataong Lugar** ay nagbibigay sa mga kasapi sa publiko at pribadong sektor ng katuturan impormasyon upang mapahusay ang kanilang kahandaan at seguridad: www.cisa.gov/sites/default/files/publications/DHS-Soft-Target-Crowded-Place-Security-Plan-Overview-052018-508_0.pdf
www.cisa.gov/sites/default/files/publications/19_0424_cisa_soft-targets-and-crowded-places-resource-guide.pdf
- **CISA Pagprotekta sa Imprastraktura sa Panahon ng mga Pampublikong Demonstrasyon** ay nag-aalok ng mga rekomendasyong pangseguridad para sa mga negosyong maaaring maging puntirya ng mga gawaing labag sa batas sa panahon ng mga pampublikong demonstrasyon: www.cisa.gov/sites/default/files/publications/protecting_infrastructure_during_public_demonstrations_508.pdf
- **CISA Pagpapagaan sa mga Epekto ng Pagkuha at Paglathala sa Kritikal na Imprastraktura** ay tumutukoy at nagbibigay ng mga halimbawa ng pagkuha at paglathala ng impormasyon, nagpapaliwanag ng potensyal na epekto ng pagkuha at paglathala ng impormasyon sa kritikal na imprastraktura, at nag-aalok ng mga hakbang sa proteksyon at pag-iwas, mga opsyon sa pagpapagaan, at karagdagang mga mapagkukunan para sa mga indibidwal at mga organisasyon: www.cisa.gov/sites/default/files/publications/cisa_insights_mitigating_the_impacts_of_doxxing_508.pdf
- **Opisina ng Direktor ng Pambansang Kaalaman (ODNI) Kontra sa Terorismong Gabay para sa Pampublikong Kaligtasan ng mga Tauhan** ay tumutulong sa mga unang tagapagtugon sa pagkilala at pag-uulat ng kahina-hinalang aktibidad, pagtukoy ng mga nagpapahiwatig ng pagkilos sa karahasan, at pagtugon sa at pagpapagaan ng mga pagsalakay ng terorista: www.dni.gov/nctc/icat/index.html



Pangunahing Website/Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

- **CISA Seguridad sa Halalan** na webpage ay naglalaman ng lahat ng mga kasangkapan at mga mapagkukunan ng seguridad sa halalan ng CISA, kabilang ang lahat ng mga mapagkukunan ng pederal na pamahalaan na nakalista sa dokumentong ito: www.cisa.gov/election-security
- **CISA Seguridad ng Bayan** na programang website ay nagbibigay ng mga kasangkapan at mapagkukunan upang suportahan ang seguridad at katatagan ng komunidad: www.cisa.gov/hometown-security
- **CISA Lupon ng Magkaanib na Ahensiya sa Seguridad** ay tumutugon sa patuloy na seguridad sa buong pamahalaan para sa mga pasilidad ng pederal at nakagawa ng maraming mga pamantayan, patakaran at mga dokumento ng pinakamahusay na kagawian na magagamit ng mga indibidwal at mga organisasyon sa pagsusuri sa: www.cisa.gov/isc
- **CISA Opisina para sa Pag-iwas ng Pambobomba** ay nagbibigay ng ibat-ibang mapagkukunan, pagsasanay, kasangkapan at mga produkto upang matulungan ang estado at lokal na mga awtoridad, pribadong kasapi at iba pa na maunawaan at mapagaan ang banta ng naimbentong pampasabog na mga aparato at protektahan ang mga kritikal na imprastraktura: www.cisa.gov/obp
- **CISA Sentral** ay sentro ng CISA para sa mga kasapi ng kritikal na imprastraktura at mga kapangkat upang humiling ng tulong at mga serbisyo. Ang CISA Sentral ay bukas ng 24/7: Central@cisa.gov or 888-282-0870
- **FBI Linya ng Lihim na Pabalita** ay sentro ng FBI para sa pag-ulat ng mga banta at mga krimen na kaugnay sa halalan o kahit hindi: <https://tips.fbi.gov> or 1-800-CALL-FBI (225-5324)
- **FBI Mga Krimen at Seguridad sa Halalan** na webpage ay nagbibigay ng impormasyon sa pag-unawa at pag-ulat ng mga krimen sa halalan: www.fbi.gov/elections
- **FBI Mga Protektadong Boses** ay inisyatiba na nagbibigay ng mga kasangkapan at mapagkukunan sa mga kampanyang pampulitika, mga kumpanya at mga indibidwal upang maprotektahan laban sa mga online na operasyon ng impluwensyang dayuhan at mga banta sa seguridad ng cyber: www.fbi.gov/protectedvoices
- **ODNI Pambansang Sentro ng Kontra-terorismo (NCTC) Kasangkapan ng Unang Tagapagtugon** ay nagbibigay ng impormasyon para tumulong sa paghahanda, koordinasyon, pagtugon, kaligtasan, seguridad, at pagsisiyasat sa mga kapangkat ng kontra-terorismo: www.dni.gov/index.php/nctc-how-we-work/joint-ct-assessment-team/first-responder-toolbox
- **Komisyon ng Pagtulong sa Halalan ng Estados Unidos (EAC)** ay nagsisilbing pambansang tahanan ng tagasuri ng impormasyon sa pangangasiwa ng halalan, at may mga karagdagang mapagkukunan kaugnay sa seguridad sa halalan, na makikita dito: www.eac.gov/election-officials/election-security



Mga Pagsasanay at mga Pagsusulit

- **Mga Pagsasanay ng CISA sa Seguridad ng Halalan** ay nagbibigay ng karagdagang patnubay sa mga kapangkat ng halalan sa pamamahala ng panganib at pagpapalakas ng katatagan sa imprastraktura ng halalan. Upang magtakda o magkaroon ng karagdagang kaalaman sa mga pagsasanay na ito, mag- email sa: electionsecurity@hq.dhs.gov
- **Lupon ng CISA sa Magkaanib na Ahensiya ng Seguridad (ISC)**, na nakatutok sa seguridad nang lahat ng pederal na pasilidad, nagbibigay ng online at aktibong mga kurso sa pagsasanay na maaring kapaki-pakinabang sa pagkuha ng iyong pisikal na imprastraktura: www.cisa.gov/interagency-security-committee-training
- **Opisina ng CISA Para sa Pag-iwas ng Pagbobomba (OBP)** ay nagbibigay ng personal, virtual at nakabase sa web na independiyenteng mga araling pagasasanay. Ang mga kursong ito ay tumutulong sa publiko at pribadong kapangkat na magkaroon ng kamalayan at pagtugon sa mga banta ng improbisadong pampasabog na aparato (IED): tripwire.dhs.gov/training-education/counter-ied-training-0
- **Mga Pagsasanay ng CISA**, kabilang ang mga pagsasanay na base sa diskusyon, pagbigay ng pagsasanay na nakabatay sa senaryo upang tumulong na matukoy ang mga lugar na kailangang mapabuti, magbahagi ng pinakamahusay na mga kagawian, at pahasayin ang kahandaan laban sa mga banta sa imprastraktura at tauhan ng halalan: www.cisa.gov/critical-infrastructure-exercises



Mga Alerta at Mga Anunsyo sa Pamublikong Serbisyo

- **Ang Sentro ng Pagbabahagi at Pagsusuri ng Impormasyon sa Imprastraktura ng Halalan (EI-ISAC)** ay nag-aalok ng isang pangkat ng mga mapagkukunan ng seguridad sa halalan, kabilang ang mga produktong kaalaman sa banta, pagsubaybay sa pagbabanta at kahinaan, tugon sa insidente at pagbigay ng remedyo, at iba pang mga produkto at mga serbisyo: www.cisecurity.org/ei-isac/
- **FBI Sentro ng Reklamo sa Krimen sa Internet (IC3)** ay tumatanggap ng mga online na reklamo mula sa mga biktima ng krimen sa internet at naglalathala ng parehong alerto sa industriya at konsumidor sa mga isyu na may kaugnayan sa krimen sa internet: www.ic3.gov
- **CISA Pambansang Sistema ng Kamalayan sa Cyber (NCAS)** ay isang repositoryo ng mga alerto ng CISA na nauukol sa mga kasalukuyang isyu sa seguridad, kahinaan, at pagsasamantala: www.cisa.gov/uscirt/ncas/alerts